

(2) SA PAGPASOK SA PAARALAN “SA PAGLIPAT NG PAARALAN.

① PAGPASOK SA PAARALAN NG JAPAN [PARAAN NG PAGLIPAT GALING SA IBANG PAARALAN]

A. Pumunta kayo sa tanggapan ng pamahalaan ng tinitirhan ninyong ward. Magparehistro sa Alien registration Section.

I. Pumunta sa Education Committee, Educational Affairs Section (Shizuoka City, Shimizu General Affairs Office, 9th Floor). Educational Affairs Section, tatanungin kayo tungkol sa edad ng inyong anak, at kalagayan ng kanyang pamumuhay sa paaralan sa inyong bansa.

※Sa Japan parehong grado ang Papisukan ng mga mag-aaral na ang kaarawan ay magmula Ika-1 ng Abril ng nakaraang taon hanggang Ika-2 ng Abril ng taong pagpasok sa paaralan.



U. Sa Mababang paaralan at Junior high School, itinatakda ang school district. (Pinagpapasiyahan ang paaralang papisukan sa lugar na inyong tinitirhan.)

Ang Educational Affairs Section ang nagpapasiya kung saang paaralan ang bata papisok, kailangang itakda ang araw at oras sa pagpunta sa papisukang paaralan.

E. Humiling sa Educational Affairs Section ng mga kailangang papeles sa pagpasok sa paaralan. Kapag hindi nakaka-intindi ng Nihongo ang bata, pumunta sa “Nihongo Shido Center” para sa orientation.

“Nihongo Shido Center” “Mga klase sa Nihongo” [P 4 1 ~ 4 4]

- ① 1~2 beses sa 1 linggo - Mag-aaral ng Nihongo
- ② Pupunta sa paaralan ang guro para turuan ang bata ng Nihongo
- ③ Bibisita sa paaralan adviser na nakakapagsalita ng sariling wika ng bata para tanungin ang bata sa kanyang pamumuhay sa paaralan ng Japan. (Portuguese, Spanish, Chinese, Korean, Pilipino at Thai)

O. Pumunta sa itinakdang paaralan sa pangakong araw at oras.

Iinterbyuhin ang bata ng principal at home room teacher pagkatapos, pagpapasiyahan ang seksiyon na papisukan ng bata. Magtanong kayo kung may bagay na hindi naunawaan.

② Sa paglipat sa Paaralan ng Japan “paraan ng paglipat sa ibang paaralan”

Kapag nakapagpasiya nang lilipat ng paaralan, sabihin kaagad sa homeroom teacher at ang paaralan ang magsasagawa ng pamamaraan ng paglipat.